# Maging Handang RedCross

## Checklist para sa Kaligtasan sa Bagyo

**Ang mga bagyo ay malalakas na pag-ulan na nagdudulot ng mga bantang peligro sa buhay at ari-arian tulad ng mga pagbabaha, bugso ng ulan, malalakas na hangin at mga ipo-ipo.**

**Ang paghahanda ang pinakamahusay na proteksiyon laban sa panganib ng isang bagyo.**

### Alamin ang Kaibhan

**Pagbabantay sa Bagyo**—Ang mga kondisyon sa bagyo ay isang banta sa loob ng 36 oras. Repasuhin ang inyong mga plano sa bagyo, manatiling nakakaalam at maging handang kumilos kapag may babalang ibinigay.

**Babala sa Bagyo**—Ang mga kondisyon sa bagyo ay inaasahan sa loob ng 24 oras. Kumpletuhin ang inyong paghahanda sa bagyo at iwan ang lugar kung inatasan ng mga awtoridad.

### Ano ang aking dapat gawin?



- ❑ Makinig sa NOAA Weather Radio para sa kritikal na impormasyon mula sa National Weather Service (NWS).
- ❑ Suriin ang iyong mga supply para sa sakuna at palitan o punan kung kinakailangan.
- ❑ Dalhin sa loob ang anumang maaaring tangayin ng hangin (mga bisikleta, muwebles sa damuhan).
- ❑ Sarhan ang mga bintana, pintuan at mga shutter para sa bagyo. Kung wala kayong shutter, sarhan at takpan ng plywood lahat ng bintana at mga pintuan.
- ❑ Ilagay ang refrigerator at freezer sa pinakamalamig na setting at panatiliing nakasara hanggat maaari para ang pagkain ay mas tumagal kung ang koryente ay mawala.
- ❑ Sarhan lahat ng mga tangke ng propane at alisin sa saksakan lahat ng maliliit na mga appliance.
- ❑ Punan ang tangke ng gas ng inyong kotse.
- ❑ Makipag-usap sa mga miyembro ng inyong tahanan at gumawa ng plano sa paglisan. Ang pagplano at pagsanay sa inyong plano sa paglisan ay makakabawas sa kalituhan at takot sa kaganapan.
- ❑ Alamin ang planong pagtugon sa bagyo ng inyong komunidad. Planuhin ang mga ruta papunta sa mga lokal na silungan, irehistro ang mga miyembro ng pamilya na may espesyal na pangangailangan medikal bilang kinakailangan at magplano upang mapangalagaan ang inyong mga alagang hayop.
- ❑ Lumisan kung inabisuhan ng mga awtoridad. Mag-ingat na iwasan ang mga bahang kalye at mga natangay na tulay.
- ❑ Dahil sa ang karaniwang seguro ng may-ari ng tahanan ay hindi sumasakop sa pagbaha, mahalagang magkaroon ng proteksiyon mula sa mga baha na kaugnay ng mga bagyo, maalinsangang matinding buhos ng ulan, malakas na pag-ulan at iba pang kundisyon na nakakaapekto sa U.S. Para sa higit pang impormasyon sa seguro sa baha, pakibisita ang National Flood Insurance Program na Web site sa **www.fema.gov/business/nfip**.

### Anong mga supply ang aking kailangan?



- ❑ Tubig—hindi bababa sa 3-araw na supply; isang galon bawat tao, bawat araw
- ❑ Pagkain—hindi bababa sa 3-araw na supply ng hindi napapanis, madaling ihandang pagkain
- ❑ Flashlight
- ❑ Radyong de-baterya o pinipihit ng kamay (NOAA Weather Radio, kung posible)
- ❑ Mga ekstrang baterya
- ❑ Kit para sa paunang lunas
- ❑ Mga gamot (pang 7-araw na supply) at medikal na kagamitan (mga hearing aid na may ekstrang baterya, salamin, contact lense, ringgilya, baston)
- ❑ Tool para sa iba't-ibang paggagamitan
- ❑ Mga gamit panlinis at pampersonal na kalinisan
- ❑ Mga kopya ng personal na dokumento (listahan ng gamot, mahalagang impormasyong medikal, katibayan ng address, titulo/kontrata sa bahay, mga pasaporte, mga sertipiko ng kapanganakan, mga polisa ng seguro)
- ❑ Mga cell phone na may charger
- ❑ Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at emerhensiya
- ❑ Ekstrang pera
- ❑ Pang-emerhensiyang kumot
- ❑ (Mga) mapa ng lugar
- ❑ Mga kagamitan ng sanggol (mga bote, gatas, pagkain ng sanggol, lampin)
- ❑ Kagamitan ng mga alagang hayop (kuwelyo, tali, ID, pagkain, kargahan, mangkok)
- ❑ Mga tool/supply upang seguruhin ang inyong tahanan
- ❑ Ekstrang set ng susi ng kotse at bahay
- ❑ Ekstrang damit, sombrero at matibay na sapatos
- ❑ Pang-ulan
- ❑ Panlaban sa insekto at sunscreen
- ❑ Kamera para kunan ng litrato ang kasiraan

### Ano ang aking dapat gawin matapos ang bagyo?



- ❑ Patuloy na makinig sa NOAA Weather Radio o sa lokal na balita para sa pinakabagong mga update.
- ❑ Maging alerto para sa mas matagal na pag-ulan at kasunod na pagbaha kahit na tapos na ang bagyo o maalinsangang matinding buhos ng ulan.
- ❑ Kung lumisan kayo, bumalik lamang sa tahanan kapag sinabi ng mga awtoridad na ligtas na.
- ❑ Magmaneho lamang kung kinakailangan at iwasan ang mga bahang kalye at natangay na mga tulay.
- ❑ Lumayo sa mga maluluwag o nakasabit na mga linya ng koryente at iulat ito agad sa kompaniya ng koryente.
- ❑ Manatili sa labas ng mga gusaling may tubig sa paligid nito.
- ❑ Suriin ang inyong tahanan para sa kasiraan. Kunan ng litrato ang sira, ng gusali at ng nilalaman para sa seguro.
- ❑ Gumamit ng mga flashlight sa kadiliman. HUWAG gumamit ng mga kandila.
- ❑ Iwasang uminom o maghanda ng mga pagkain gamit ang tubig mula sa gripo hangga't hindi ka sigurado na hindi ito kontaminado.
- ❑ Suriin ang nasa refrigerator na pagkain kung hindi ito panis. Kung may alinlangan, itapon ito.
- ❑ Magsuot ng pamproteksiyong damit at mag-ingat kapag naglilinis upang maiwasan ang pinsala.
- ❑ Malapitang tingnan ang mga hayop ay panatiliin silang nasa ilalim ng direktang pangangasiwa mo.
- ❑ Gamitin lamang ang telepono para sa mga emerhensiyang tawag.

### Ipaalam sa Iyong Pamilya na Ikaw ay Ligtas

Kung ang inyong komunidad ay nakaranas ng bagyo, o anumang sakuna, magrehistro sa American Red Cross Safe and Well na Web site makukuha sa pamamagitan ng **RedCross.org/SafeandWell** upang ipaalam sa iyong mga pamilya at mga kaibigan ang iyong kapakanan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa **1-866-GET-INFO** upang irehistro ang iyong sarili at ang pamilya mo.

American Red Cross

Para sa higit pang impormasyon sa sakuna at pagkahanda sa emerhensiya, bumisita sa **RedCross.org**.

Karapatang-ari © 2009 ng American National Red Cross